# Bloodletting drive ni Joy B, suportado ng mga taga-QC

Umaabot sa 3,000 taga-Quezon City ang nagdonate ng dugo para sa blood letting drive na inorganisa ni QC Vice Mayor Joy Belmonte na taunang idinaraos para makapagbigay ng libreng "blood unit assistance" sa mga mahihirap na pasyenteng nangangailangan ng dugo.

"Bloodletting is one way in which we can show our love for our country and for countrymen. And I would like to thank everybody who is part of this," bahagi ng mensahe ni Belmonte sa pagdalaw sa mga blood donors sa North Fairview, Quezon City.

Taong 2010, nang maupong Vice Mayor si Belmonte ay nasimulan na ng kanyang tanggapan ang bloodletting drive.

Dahil marami ang mga nakikiisa sa nasabing bloodletting drive, nakatanggap na ng ilang parangal ang programang ito ni Belmonte tulad ng Dugong Bayani Awards na inoorganisa ng Philippine Blood Center sa ilalim ng Department of Health (DOH).

"Malaking bagay ang programang ito, at matagal na po namin itong ginagawa. Sa katunayan nga tatlong beses na po nabigyan ng gawad ang atin pong tanggapan," ani Belmonte.

Noong 2017, pinagkalooban ng pinakamataas na parangal ng Dugong Bayani Awards, ang Jose Rizal Award, ang Office of the Vice Mayor para sa nasabing bloodletting. Dalawang beses na rin itong nakatanggap ng Andres Bonifacio Award – ang ikalawa sa pinakamataas na parangal mula sa Dugong Bayani.

"Kapag natatanggap po ng office natin 'yan, sinasabi ko ito pong award ay ating inaalay sa mga mamamayan ng lungsod Quezon na walang sawang ibibigay ang kanilang sarili para sa kapakanan ng kanilang kapwa," sabi pa ni Belmonte.

Sa datos ng DOH, ang mga blood centers sa bansa ay nakaipon ng 920,000 blood units noong taong 2016, ngunit hindi pa rin ito sapat para sa kinakailangang supply ng bansa.

Sa ulat ng World Health Organization ( WHO), 1 percent ng kabuuang populasyon ng isang bansa ay kailangang magbigay ng dugo kada-taon upang makalikom ng sapat na supply para sa mga nangangailangan dito. *(Angie dela Cruz)*